# TANGGAPAN NG MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA NG CHICAGO

# KONTRATA NG KASAMBAHAY (DOMESTIC WORKER)

## MGA KAHULUGAN

- **SEKSYON NG NALALAPAT NA KODIGO NG MUNISIPYO NG CHICAGO-** Pamagat 6, Kabanata 120, Seksyon 020 (6-120-020)
- **KASAMBAHAY-** nangangahulugan na isang tao na ang mga pangunahing tungkulin ay kinabibilangan ng gawaing bahay; paglilinis ng bahay; pamamahala ng tahanan; mga serbisyo ng yaya, kabilang ang pangangalaga sa bata at pagsubaybay sa bata; pangangalaga, personal na pangangalaga o mga serbisyo sa kalusugan ng tahanan para sa mga matatandang tao o mga taong may mga karamdaman, pinsala, o kapansanan na nangangailangan ng tulong sa pag-aalaga sa kanilang sarili; paglalaba; pagluluto; mga kasamang serbisyo; pagmamaneho; at iba pang serbisyo sa sambahayan sa mga miyembro ng sambahayan o kanilang mga bisita sa o tungkol sa isang pribadong bahay o tirahan, o anumang iba pang lokasyon kung saan isinasagawa ang gawaing bahay
- **SAHOD-** nangangahulugan ng kabayaran sa manggagawa dahil sa pagtatrabaho
- **ISKEDYUL NG TRABAHO-** nangangahulugan ng lahat ng shift ng Saklaw na Empleyado, kabilang ang mga partikular na oras ng pagsisimula at pagtatapos para sa bawat shift, sa isang linggo ng kalendaryo.

## MGA KONTRATA PARA SA MGA KASAMBAHAY

Ang lahat ng taga-emplyeyo ng Kasambahay ay dapat magbigay ng nakasulat na kontrata sa Kasambahay. Dapat itakda ng kontrata ang Sahod na ibinabayad sa Kasambahay, at ang Iskedyul ng Trabaho na napagkasunduan sa pagitan ng employer at ng Kasambahay.

Ang isang taga-emplyeyo ay dapat magbigay ng nakasulat na kontrata sa Kasambahay sa pangunahing wika ng Kasambahay, sa kahilingan ng Kasambahay.

Ang sinumang Kasambahay, anuman ang katayuan (empleyado o independiyenteng kontratista) ay dapat bigyan ng nakasulat na kontrata.

Simula Hulyo 1, 2025, ang isang Kasambahay ay dapat kumita ng hindi bababa sa $16.60 kada oras (ang Pinakamababa na Sahod ng Lungsod).

Mangyaring bisitahin ang Chi.gov/Care para sa karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan

| SINO ANG SINASAKLAW? | LABAN SA PAGHIHIGANTI | ANG GINAGAWA NAMIN |
|---|---|---|
| Saklaw ng mga Ordinansa ng Chicago ang mga empleyadong nagtatrabaho sa loob ng mga heograpikal na hangganan ng Chicago, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon o ang lokasyon ng kanilang taga-emplyeyo. Kung ang iyong reklamo o partikular na sitwasyon ay hindi napapailalim sa hurisdiksyon ng OLS, isasangguni ka namin sa naaangkop na ahensya para sa tulong. | Labag sa batas para sa sinumang taga-emplyeyo na mandiskrimina o gumawa ng anumang masamang pagkilos laban sa sinumang indibidwal bilang paghihiganti para sa paggamit ng anumang karapatan sa ilalim ng Mga Batas sa Paggawa ng Chicago. Nalalapat ito sa sinumang naghahayag, nag-uulat o nagpapatotoo tungkol sa anumang probisyon ng batas, o isang tuntuning ipinahayag sa ilalim nito. | • Pagsisiyasat sa Mga Reklamo<br>• Magbigay ng outreach at edukasyon sa mga manggagawa<br>• Magbigay ng outreach at edukasyon sa mga taga-emplyeyo<br>• Mga mapagkukunan at pagsasangguni<br>• **Libre ang lahat ng serbisyo** |


BACP Business Affairs and Consumer Protection

Office of Labor Standards
2350 West Ogden Avenue, 2nd Floor
Chicago, Illinois 60608
Chicago.gov/LaborStandards

Makipag-ugnayan sa:
bacplaborstandards@cityofchicago.org
(312) 744 - 2211
I-scan ang QR Code para makahanap ng impormasyon para sa bawat Batas sa Paggawa: